IKALAWANG PAMANAHUNANG PAGSUSULIT

FILIPINO 2

NAME_____ ISKOR _____

I. Panuto: Isulat ang **Tama** kung ang pangungusap ay wasto at **Mali** kung di wasto.Isulat ang sagot sa patlang.



_____1. Ipantay ang mga kamay sa balikat. Ang bata sa larawan sa kanan ay nakakasunod sa panuto?

_____2. Ang dapat isagot sa “Kumusta ka” ay “Paalam na po”.

_____3. Ang “**Magandang umaga po** “ ay isang magalang na pananalita.

_____4. Ang tamag pagpapantig sa traysikel ay **tra- y-si – kel**

_____5. Ang **ha-la-ma-nan** ay wasto ang pagkakapantig.

_____6. Ang mga salitang **bagal at tagal** ay magkasingtunog..

II. Panuto: Pagtambalin ang Hanay A at Hanay B.Isulat ang sagot sa patlang.

Hanay A	**Hanay B**
_____7. kasintunog ng salitang **bagal** .	a. tahimik
_____ 8. katulad ng tunog sa hulihan ng **habulan**	b. tagal
_____9. kasingkahulugan ng salitang **bumisita**	c. mahinhin
_____10. kahulugan ng **payapa**	d. paaralan
_____11. salitang naglalarawan sa babae	e. dumalaw
_____12. ilarawan ang bundok	f. mataas

III. Panuto: Basahing mabuti ang Kuwento at sagutin ang sumusunod na katanungan.

Si Melissa

Pauwi na si Melissa nang biglang bumuhos ang malakas na ulan. Binuksan niya ang kanyang payong at agad tumakbo patungo sa abangan ng jeep. Nakita niya ang isang batang babae na nag-aabang. Wala siyang dalang payong. Nilapitan ito ni Melissa at pinasukob sa kanyang payong.

13. Sino ang tauhan sa kuwento? _____

14. Saan ang tagpuan ng pangyayari ?_____

15. Ano ang suliranin?_____

IV. Panuto: Basahing mabuti ang mga pangungusap. Piliin at bilugan ang letra ng tamang sagot

16. Alin ang wasto ang pagkakasulat?
a. enrique b. laiza c. Daniel d. catherine

17. Ano ang wastong pagkakasunud-sunod ng mga salita?
bukas bikas bakas beke
a. 1-2-3-4 b. 2-3-4-1 c. 3-4-2-1 d.4-2-1-3

18. Si Elena ay matulunging bata. Minsan sa kanyang paglalakad ay nakakita siya ng matandang babae na tatawid ng kalsada. Inakay niya ito upang itawid . Nakasalubong din siya ng batang pulubi at binigyan niya ng tinapay. Karapatdapat bang gayahin si Elena?
a. Si Elena ay mabait b Si Elenay mahiyain
c. Si Elena ay matulungin d. Si Elena ay mapagbigay

19. Likas sa mga Pilipino ang pagiging Magalang. Naipakikita natin ito sa pamamagitan ng pagmamaneho. Gumagamit rin tayo ng Po at Opo kapag tayo ay nakikipag-usap sa sa mas nakakatanda sa atin. Ano ang paksa ng kuwento.
a.. Ang mga Pilipino ay mababait c. Ang mga Pilipino ay masisipag.
b. Ang mga Pilipino ay masayahin. d. Ang mga Pilipino ay magagalang

20. Basahin at pag-aralan ang pahayag sa ibaba
1.Naglakad-lakad ang mag-ama sa Rizal Park hanggang sa marating ang bantayog n Rizal
2. Nagkayayaang mamasyal ang mag-amang Delgado sa Luneta
3. Makasaysayan pa ang pook na ito.
4.Dito binaril an gating pambansang bayani
. Ano ang wastong pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari sa kuwento?
a.1-2-3-4 b.2-3-4-1 c. 3-2-1-4 d. 4-3-2-1

21. Isang araw maagang nagising Nora. Ito ang kanyang mga pinaggagawa
1. Inayos niya ang kanyang higaan.
2. Pumunta siya sa kusina upang maghilamos
3. Nagsepilyo din siya ng ngipin.
4.Pagkatapos ay nagsimula na siyang maglinis ng bahay.
Ano ang wastong pagkakasunod sunod ng kanyang ginawa
a. 1-2-3-4 b. 2-3-4-1 c. 3-2-1-4 d. 4-3-2-1

22. Aling salita ang may wastong baybay?
a. pagbotihin b. pagbotehen c. pagbutehin d. pagbutihin

23. Si Emma ay nadapa dahil sa kanyang kalikutan . Ano ang sanhi at nadapa si Emma?
a. kalikutan b. lampa c. maarte d. iyakin

24. May mahabang pagsusulit sa Filipino si Megan. Hindi siya nakapag-aral nang nakaraang gabi dahil nanood lamang siya ng telebisyon. Ano ang mangyayari ?
a. Makakapasa sa pagsusulit c. hindi papasok sa paaralan
b. makakapasa sa pagsusulit d. magkakasakit

25. Umalis ang nanay ni Carla upang dalawin ang kaibigang may sakit. Bago ito umalis ay nagsigang muna ng sinaing at pinabantayan niya ito sa kanyang anak na si Carla. Ibinilin niyang mabuti na huwag itong iiwanan at baka masunog. Si Carla ay hindi iniwanan ang mga kalaro na nagsisipaglaro pa sa tabi ng kalsada. Ano ang magiging wakas?
a. mahihilaw ang sinaing c. matutuwa ang nanay
b. maluluto ang sinaing d. masusunog ang sinaing

26. **baka - bakal** Anong pagbabagong ginawa sa pares ng salita?
a. pinalitan b. binawasan c. dinagdagan d.walang ginawa

27. Palitan ang unang tunog ng salitang **tama** ng tunog **k** ano ang mabubuong bagong salita?
a. tama b. dama c. mama d. kama

28. Dagdagan ng isang titik ang salitang **baha** upang maging _____
a.bakas b. balat c. saha d. bahay

29. Ang mga salitang “mabigat – magaan” ay_____
a. magkasalungat. b. magkasingkahulugan c. pareho d. timbangan

30. Sabado, nagpaalam si Aling Marta kay Erica upang dumalo sa meeting. Ibinilin niya kay Erica na maglinis ng bahay at darating siya na may kasamang bisita. Sinunod niya ang ang lahat ng bilin ng kanyang nanay. Nilinis niya ang kanilang sala, lutuan at kainan. Iniligpit niya ang lahat ng kalat sa kanilang bahay at hinugasan din niya ang kanilang mga pinagkainan. Itinapon niya ang mga basura sa tamang lalagyan.
Natuwa ang kanyang nanay nang siya ay umuwi.
Ano ang pamagat ng kuwento?
a. Nang Umalis Si Erica c. Nang Maiwan Si Erica
c. Nang Magalit Si Erica d. Nang Magluto Si Erica

File Submitted by DepEd Club Member
-visit depedclub.com for more
Credit to the author of this file